

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Kasalang Sibil (Civil Weddings)

### Kamakailang mga Pagbabago:

**11/28/20:** Ang patnubay na ito ay nananatiling may bisa sa mula Nobyembre 30, 2020 hanggang Disyembre 20, 2020, kung kailan ang **PANSAMANTALANG NAKATUON SA MAS LIGTAS SA TAHANAN NA UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN PARA SA PAGKONTROL SA COVID-19: TIER 1 MALAKING PAGTUGON SA PAGTAAS (NG MGA KASO)** ay maisasaayos na. Ang mga kasalang sibil ay maaaring ganapin sa tatlong linggong panahon tulad ng inilarawan sa patnubay na ito.

Ang mga kasalan (mga seremonyang sibil) na may istriktong nilimitahang dadalo ay maaaring maganap nang sinusunod ang mga paghihigpit:

- Bago magpakasal, ang magkasintahan ay dapat na munang kumuha ng isang lisensya ng kasal mula sa Klerk ng County.
  - Ang magkasintahan ay dapat na magpakita nang magkasama, sa personal, at magpakita ng isang balidong ID para bumili ng kanilang lisensya. Wala ng iba pang tao maliban sa magkasintahan ang maaaring magpakita para sa appointment.
- Para angkop na maisagawa ang isang sertipiko ng kasal, ang magkasintahang ikakasal, ang tagapamahala ng kasalan (officiant) at isang saksi ay dapat na nagkikita-kita habang idinaraos ang palitan ng mga panata (exchange of vows).
  - Ang magkasintahan ay maaaring naroroon kasama ang tagapamahala ng kasalan at saksi sa Registrar Recorder County Clerk's (RR/CC). Para sa listahan ng mga sangay ng tanggapan ng RR/CC, bisitahin ang link na nasa ilalim ng pahinang ito.
  - Ang magkasintahan ay maaaring magkasama sa anumang lokasyon, kumokonekta sa tagapamahala ng kasalan at saksi sa pamamagitan ng video conference na may parehong live video at live audio, na pumapaloob sa mga patnubay na itinakda sa [California Executive Order 58-20](#).
  - Ang magkasintahan ay maaaring panatilihin gamitin ang isang kasalukuyan o retiradong pampublikong opisyal na pinahihintulutan na magsagawa ng mga kasalang sibil sa CA (kabilang ang mga alkalde, ilang mga hukom, at iba pang mga tao – tingnan ang [Mga Tagapamahala ng Kasalan sa California](#)).
- Alinman ang pipiliin, ang personal na pagdalo sa isang seremonya ng sibil na kasalan ay dapat na limitahan sa:
  - Magkasintahan
  - Tagapamahala ng kasalan
  - Isang saksi
- Ang panlipunang (pisikal) na pagdistansya ay dapat na sinusunod sa panahon ng seremonya (maliban sa pagitan ng magkasintahan).
- Kung ang isa sa magkasintahan ay mayroong mga sintomas ng impeksyon ng COVID-19, maaaring hindi maganap ang seremonya.
- Kung ang saksi o tagapamahala ng kasalan ay mayroong mga sintomas ng COVID-19, maaari lamang maganap ang seremonya kung posibleng makahanap ng isang papalit.
- Ang serbisyo ay maaaring i-live stream para pahintulutan ang birtuwal na pakikilahok ng ibang mga tao. Maaari din itong irekord para mapanood sa ibang panahon. Sa alinmang kaso, ang pagrerekord ay dapat na gawin nang walang karagdagang dadalo.

# Novel Coronavirus (COVID-19)

## Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Mga Kasalang Sibil (Civil Weddings)

- Ang paggamit ng mga bagay, kasangkapan, o gamit na maaaring mahirap disimpektahin o gagawing mahirap na tiyakin ang panlipunang (pisikal) pagdistansya ay iniwasan.

Para gumawa ng appointment para sa isang lisensya o seremonya o para sa karagdagang impormasyon para sa pagpapalano ng iyong seremonyang sibil, pumunta sa website ng Los Angeles County Register Recorder/County Clerk [RR/CC Website](#).

